ISSN-2546-0536

# HANEP

Basahin Mo Ito!

MAIL PERMIT NO. 2C-17-05-522
OFFICE OF ENTRY: BACOOR CITY, CAVITE
ENTERED AS 1ST CLASS

Taon 4 Blg.28 | Nobyembre 18-24, 2019 | P10.00




# 4 AKUSADO SA PAGPATAY SA ABOGADO, HINATULAN NG TAGAYTAY RTC

p.2






**PINANGUNAHAN** nina Imus City Mayor **Emmanuel L. Maliksi,** Rev. **Fr. Arturo Joseph Monson-Balagat**, Dr. Emmanuel **Santiaguel**, **Mark Nicholai Delmo** at iba pang city government officials ang groundbreaking ceremony ng Cooperative Livelihood Training Center sa Barangay Poblacion II-A, ng naturang lungsod nitong Nov. 13, 2019. **RS**

ACCEPTING ADS, PLEASE CALL : 0977-7844136/ 0929-8127638

# 4 AKUSADO SA PAGPATAY SA ABOGADO, HINATULAN NG TAGAYTAY RTC

**RECLUSION PERPETUA ang ibinabang hatol kamakailan ni Acting Presiding Judge Jaime B. Santiago, Regional Trial Court Branch 18 ng Tagaytay City, Cavite laban sa apat na akusado na responsable sa pagkakapatay sa isang abogado, anim na taon na ang nakakalipas.**

Bukod sa naturang hatol ay ipinataw din ng korte sa mga akusado ang pagbabayad sa pamilya ng biktima ng halagang P100,000 para sa civil indemnity, P100,000 sa moral damages at P100,000 bilang exemplary damages.

Ang mga akusadong sina Jun G. Villamor, Julius M. Capongol, Mark Anthony A. Villanueva, at Arwin V. Bio ay napatunayang nagkasala sa kasong murder laban sa biktimang abogado na nakilalang si Atty. Reynaldo Soriano Aquino, ng Registry of Deeds-Tagaytay City.

Batay sa record ng hukuman, ang insidente ay naganap dakong alas-4:00 ng hapon sa kanto ng Emilio Aguinaldo Highway at Magallanes Drive, Maharlika East, Tagaytay City noong June 4, 2013.

Ang biktima ay sakay ng kanyang kulay puting Honda pick-up na may palakang BEW-740 na minamaneho ng driver nito na kinilalang si Edgar Sapuan Estuista.

Sa naturang lugar ay isinagawa ng dalawang salarin ang pamamaril at kasabay ay sumulpot ang dalawang single motorcycle.

Ang nagmamaneho ng dalawang motorsiklo ay sina Bio at Villanueva habang ang nagsagawa ng pamamaril ay sina Capongol at Villamor na pagkatapos ay mabilis na umangkas o sumakay sa mga motor.

Nagtamo ng mga tama ng bala sa katawan ang dalawang biktima subalit si Atty. Aquino ay dead on the spot habang si Estuista ay nalapatan ng lunas matapos maisugod sa Ospital ng Tagaytay.

Dahil dito ay naisampa rin ang kasong frustrated murder sa apat na akusado at nahatulan ng 10 hanggang 17 taon at apat na buwang pagkakabilanggo bukod pa sa pagbabayad ng halagang P 75,000 para sa civil indemnity, P 75,000 sa moral damages at P 75,000 bilang exemplary damages kay Estuista.

Hinatulan din sina Capongol at Villamor ng tatlo hanggang anim na taong pagkakabilanggo makaraang mapatunayang guilty sa kasong paglabag sa COMELEC Resolution No. 9385 at sila ay permanenteng inalisan ng karapatan para sa public office, kawalan ng karapatan sa pagboto at makakuha ng lisensiya o permit.

Idinagdag pang hatol ni Judge Santiago kina Capongol at Villamor ang pagkakapiit ng apat o hanggang pitong taon dahil napatunayan sila sa kasong paglabag sa Presidential Decree No. 1866, as amended by RA 8294, bukod pa ang pagbabayad ng halagang P30,000 bilang multa.

Sa kabila na sina Capongol at Villamor ang nagsagawa ng pamamaril habang sina Bio at Villanueva ay kapwa nagmaneho lamang ng motorsiklo ay ipinaliwanag ng hukuman na batay sa ebidensiya ay napatunayan na nagkaroon ng sabwatan sa pagsasakatuparan ng krimen para sa mga kasong murder at frustrated murder.

Sinasabing kapag mayroong conspiracy, ang kilos o galaw ng isa ay maituturing na kilos o galaw na ng lahat.

Sa musising pag-aaral at pagsasaliksik sa nasabing mga kaso ay kinatigan ng hukuman ang mga ebidensiya at testimonya ng prosekusyon.

Lumilitaw na dahil sa maayos na koordinasyon ng kapulisan ng Tagaytay ay nalutas ang krimen at napanagot sa batas ang mga akusado.

Sa naturang petsa ay isang off duty na pulis na nakilalang si PO1 Edward Sytiao, na nakatalaga sa Tagaytay Component City Police Station, ang kasalukuyang nasa Leslie's Restaurant na matatagpuan sa kahabaan ng Aguinlado Highway malapit sa Magallanes Square.

Nabatid na susunduin dapat ni Sytiao ang kanyang misis na nagtatrabaho sa nasabing restaurant subalit hindi pa tapos ang trabaho.

Nang malaman na mag-extend pa ng oras ang misis ay nagpasya si Sytiao na aalis na lang muna.

Gayunman papaalis pa lamang lulan ng kanyang sasakyan nang makarinig ng mga putok ng baril si Sytiao.

Nakita umano ng pulis ang pamamaril at ang pagsulpot ng dalawang motorsiklo.

Dito nagkaroon ng pagkakataon si Sytiao na habulin ang apat na lulan ng dalawang motrorsiklo at sa pamamagitan ng koordinasyon ng iba pang mga pulis ay nasukol ang mga akusado. **ROMY SANTOS**

## SC disbars farmer cooperative's lawyer for indiscretions

**MANILA** -- The Supreme Court (SC) disbarred a lawyer for committing actions that display lack of good judgment, particularly involving money.

"He has been warned the first time; he has not made amends to undo the consequences of his indiscretions and greed this second time. He was punished with three years of suspension, but to no avail, as no sooner could he complete the service of the penalty than he is again before the Integrated Bar of the Philippines (IBP) and the Court reviewing his actuations," the SC en banc ruled in a 13-page per curiam decision promulgated on August 14 released Thursday.

Lawyer Elmer dela Rosa was found guilty of gross misconduct in violation of the Code of Professional Responsibility and ordered the Office of the Bar Confidant (OBC) to strike out his name from the Roll of Attorneys.

Before his latest run-in with the Court, dela Rosa, had been suspended from the practice of law for three years effective Sept. 26, 2016, for borrowing a substantial amount of money from his client-spouses.

This time, he is accused of anomalies in the handling of money of his client, a cooperative and its farmer-beneficiaries.

In 1997, Palalan CARP Farmers Multi-Purpose Cooperative hired dela Rosa in a civil case involving the annulment of a transfer certificate of title over a 111.4-hectare land situated in Barangay Lumbia, Cagayan de Oro City, in the cooperative's name.

In 2002, the cooperative executed a special power of attorney (SPA) authorizing dela Rosa to do certain acts but revoked the same in 2007.

Despite the revocation of the SPA, dela Rosa still brokered the sale of the property. Dela Rosa did not dispute that he processed the sale and paid the farmer-beneficiaries their respective shares in the purchase price.

The SC said dela Rosa acted with corrupt intent to flagrantly disregard established ethical rules, and his conduct amounts to grave misconduct.

The IBP-Board of Governors concluded that dela Rosa preferred to protect his own personal pecuniary interest over the interest of his client and its members, and recommended the extreme penalty of disbarment on him, which the SC adopted.

The SC further held that dela Rosa had proven himself disloyal to his client -- exploitative, untrustworthy, and a double-dealer.

"The client did not know who the buyer was when the land had been sold. He acted to protect the buyer's interest, and in all likelihood, his as well. The client did not know and still does not know how much was actually paid for the land. Money flowed from an account set up by dela Rosa himself and although under the Cooperative's name, dela Rosa alone had access to it. The cash proceeds of the sale have not been accounted for to this date," the court ruled.

The SC said a lawyer is prohibited from acting or continuing to act for a client where there is a conflict of interest, except when there is a written consent of all concerned after full disclosure of the facts. In this case, there was no consent to speak of at all. **(PNA)**




**PERSONAL** na namahagi si Atty. Roy Loyola, Municipal Mayor ng Carmona, Cavite, ng financial assistance sa mga residente ng bayan bilang tulong sa pangangailangan ng mga ito. Ang naturang programa ay ipinatutupad ng lokal na pamahalaan sa pamamagitan ng Municipal Social Welfare and Cevelopment.




**NAGBIGAY** ng mahalagang mensahe si Mayor Emmanuel Maliksi bilang host para sa 2nd year ng 'Eskwela Kooperatiba National Conference' ang city government sa pamamagitan ng Local Council for the Protection of Children (LCPC) at City of Imus Cooperative, Livelihood and Entrepreneurial and Enterprise Development Office (CICLEDO) gayundin ang Cooperative Development Authority (CDA) at Imus Cooperative Federation. Binanggit din Mayor Maliksi ang mahalagang papel ng bawat magulang at guardian para sa mga bata hinggil dito. **RS**

# BAYANING GURO NG AMADEO: A TRIBUTE TO OUTSTANDING TEACHERS IN AMADEO

**SM CITY TRECE MARTIRES, CAVITE - As a tribute for exceptional teachers of Amadeo, Cavite and as part of the Teacher's Day celebration, the Grade 12 General Academic Strand (GAS) students of Kariton Senior High School headed by 2009 CNN Hero Efren Peñaflorida, Jr. successfully conducted their event entitled "Bayaning Guro ng Amadeo" last October 27,2019 in partnership with SM City Trece Martires, Cavite. In the pursuit of educating their scholars with real-life application of their lessons, Kariton Senior High School's AD-Leadership and Management Class supervised by teacher Klarence Baptista has set the first ever teacher appreciation awards for the teachers of Amadeo, Cavite.**

Also in celebration of the Teacher's Month, Bayaning Guro ng Amadeo 2019 gave recognition and appreciation to teachers who were nominated by their current and former students whose lives have been touched and are inspired by the lives of these educators. Out of all the nominees, ten teachers were invited to be recognized and are given a platform to inspire other teachers and students as well. These ten outstanding teachers were carefully selected to find those who helps without hesitation, encourage without exclusion, respect without reservation and operate without oppression. The judges are from the Department of Education – Division of Cavite Province, CNN Hero and Kariton Klasrum Educator Efren Peñaflorida Jr., and a noble volunteer educator and part of the Bayaning Pamilya Awardee of Gawad Genny Lopez' Bayaning Pilipino, Melanie F. Monto.

Present in the event are the representatives from the Department of Education – Division of Cavite Province Alma Lopez, Melanie Cruz, and Allain Alvarez, event partners, volunteer teachers, and Kariton Senior High School current students and alumni, who gave heart-felt performances to inspire and encourage more teachers to continue their hard work in shaping the world's future through shaping the minds and characters of this generation.



*CNN Hero 2009, Mr. Efren Penaflorida Jr. gave his inspirational message to the teachers and students who were present during the Bayaning Guro 2019 at SM City Trece Martires.*



*Bayaning Guro ng Amadeo Cavite 2019 winners holding their plaque designed and made by the Kariton Senior High Students of Amadeo.*




*Hand-made plaque by the students of Kariton Senior High School Amadeo inspired by the Kariton Klasrum of Dynamic Teen Company.*

# EDITORYAL

## Pahalagahan ang salaping papel at barya

**KUNG sasadyain ang pagsira o pagsunog sa salaping papel at barya ay pakatandaan na may kaukulang kaparusahang naghihintay sa gagawa nito.**

**Ipinapaalala ng Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) sa publiko na may parasuhang multa na hindi hihigit sa P20,000 o pagkabilanggo na hindi hihigit sa limang taon batay sa itinatakda ng Presidential Decree No. 247.**

**Bawal ding sulatan ang mga salaping papel habang ang mga barya ay hindi dapat lalagyan ng ukit o marka.**

**Iwasan din ang sobrang pagkakatupi o labis na pagkakalukot ng salaping papel dahil masisira ang istraktura nito.**

**Kapag nasobrahan ng pagkakalumot at labis na narumihan ang salaping papel ay mahihirapan na itong matukoy kung peke o tunay.**

**Nakakapagtaka at nakakalungkot nga lamang kung bakit mayroong 'binababoy' ang ating pera, papel man o barya.**

**Pahalagahan ang ating salaping papel at barya upang makaiwas sa multa at kaso.**

**ADVERTISING RATES**

**COMMERCIAL - - - - -P200/col.cm**

**LEGAL NOTICES - - - P160/col.cm**

**HANEP**
*Basahin Mo Ito!*

**ROMEO S. SANTOS**
*Publisher/editor-in-chief*

Ang **'HANEP Basahin Mo Ito!**' ay inilalathala tuwing lunes sa HANEP Publication na may tanggapan sa B10 L9 The Veraneo Brgy. Sebastian Kawit, Cavite
**Contact#:** 0977-7844136/ 09298127638
**Email:** ronejed@yahoo.com
haneppublication@yahoo.com

**PAUNAWA: Sariling pananaw o opinyon ng mga kolumnista ang nilalaman ng kanilang mga artikulo kaya wala pong kinalaman at pananagutan dito ang pamunuan ng publication**

*Member: Publishers Association of the Philippines,Inc.*

# ORDINANSANG MAGBIBIGAY NG HANAPBUHAY SA MGA PWD, ISINUSULONG

**LUNGSOD NG BATANGAS (PIA) --Upang maiangat ang kalidad ng buhay ng mga persons with disabilities (PWD's), tinalakay ng Sangguniang Panglunsod ang panukalang "An Ordinance Providing Comprehensive Employment and Livelihood Opportunities for Persons With Disability (PWD) kamakailan.**

Ang naturang ordinansa na iniakda ni Konsehal Aileen Montalbo ay alinsunod sa Republic Act 7277 at RA 10524, mga batas na nagbibigay ng proteksyon para sa kapakanan ng mga taong may kapansanan sa bansa.

"Atin lamang pong ginawang localized ang ordinansa ngunit hinago natin ito sa mga nabanggit na national law," ayon kay Montalbo.

Kabilang sa probisyon ng ordinansa ang paghirang sa limang porsiyentong empleyado na may kapansanan kahit ito casual, emergency, contractual o job order kung sila ay may kakayahang makapaglingkod sa mga sumusunod na tanggapan: City Social Welfare and Development; City Health Office; Department of Education at iba pang ahensya na may kaugnayan sa social development.

Bukod dito, may isang porsiyentong na nakalaan para sa mga PWDs at ganundin sa mga pribadong kumpanya.

Inaatasan ng ordinansa ang CSWDO na makipag-ugnayan sa Bureau of Internal Revenue (BIR) upang masiguro na mayroong karampatang tax incentives ang mga PWDs.

Sila rin ang mag-oorganisa ng mga seminar at training sessions upang ma-educate ang mga may kapansanan sa 25% annual deduction sa kanilang gross income.

Ang CSWDO ang responsible agency na tutulong sa PWDs upang magkaroon sila ng trabaho.

Sinabi ni Noel Silang, "maganda ang ordinansa kung ito ay maipapatupad ng maayos. Kailangang magkaroon ng skill mapping ang mga PWDs upang malaman nila kung saan sila pwedeng i-refer na kumpanya."

Ayon naman kay Jonalyn Rabido ng DOLE, 'kailangan ding ma-maximize ang iba pang PWD organizations sa lungsod upang maipaliwanag ang ordinansa at malaman kung ano-ano ang mga kaya nilang gawin.

Mayroong 4,888 na rehistradong miyembro ng PWDs sa lungsod ayon sa CSWDO.

Dumalo sa committee hearing sina Public Employment and Service Office (PESO) chief Noel Silang, City Social Welfare and Development Office (CSWD) head Mila Espanola, PWD Federation President Welson Barte, TESDA representative Mila Antonio, Department of Labor and Employment (DOLE) representative Jonalyn Rabido at kinatawan ng ilang konsernadong ahensya at kumpanya. **(BHABY P. DE CASTRO-PIA Batangas with reports from PIO BATANGAS CITY)**

## ERRATUM

**NOTICE** is hereby given that the notice of extra judicial sale re **BANGKO MABUHAY vs ANALYN DINGAL BANTACULO**, under **FORECLOSURE CASE NO. F-237-19** was erroneously published in this newspaper **"HANEP"**, dated **October 28, November 4 and 11, 2019** read as **Block 10, Lot 49 Marbella St. Brgy. San Francisco, Gen. Trias, Cavite** instead of **Block 10, Lot 49 Maravilla St. Brgy. San Francisco, Gen. Trias, Cavite** which was the correct entry.

**HANEP:** November 18, 2019

# Rider 'swak' sa kanal, tepok

**TUMILAPON** at na -shoot sa kanal ang isang 56-anyos na lalaki nang bumangga ang minamanehong motorsiklo sa isang gutter sa Trece Martires City, Cavite.

Dakong alas-5:00 ng umaga nang ideklarang patay ng mga doktor sa Gen. Emilio Aguinaldo Hospital ang biktimang si Bienvenido Nopal, may-asawa, ng 181 J Rizal St., Alfonso Cavite.

Sa ulat ni PCorporal Eduardo Reyes, ng Trece Martires City, minamaneho ng biktima ang kanyang kulay itim na Rapidong motorsiklo habang binabagtas ang kahabaan ng Governors Drive sa Brgy Hugo Perez, Trece Martires City, dakong alas-4:20 ng madaling araw nang bumangga sa isang kongretong gutter dahilan upang tumalsik ang katawan, gumulong at na-shoot ang katawan sa kanal.

Sinaklolohan ang biktima ng mga miembro ng City Disaster Risk Reduction Management Office at isinugod sa ospital subalit binawian ng buhay habang ginagamot. **GENE ADSUARA**

# PHILIPPINES, CHINESE STATE-OWNED MEDIA SEEKS TO SUSTAIN STRONG COOPERATION

QUEZON CITY—The Philippines and Chinese government sought to sustain cooperation in the media and communications industry as relations between the two countries continue to strengthen.

Presidential Communications Operation Office (PCOO) Secretary Martin Andanar said that he hopes to maintain the good relationship between China's government-owned media outfits and the Philippine media, during the China Media Group's (CMG) courtesy visit on Thursday, November 7, 2019 at the Philippine Information Agency headquarters in Quezon City.

"The cooperation between the Philippines media and Chinese media escalated to levels that are unheard of," he said.

"We hope that even with the departure of Ambassador Zhao [Jianhua], we can maintain the same good relationship," Secretary Andanar added.

The PCOO chief also expressed gratitude for the fair coverage of developments in the Philippines by CMG-member outlets such as China Central Television (CCTV), China Global Television Network (CGTN), and China Radio International (CRI).

"We are very grateful for the commitment of CMG. I experience very good coverage from CCTV, CRI, whenever I go [to] different parts of the world," he said.

Andanar also attributed the good coverage to the close relationship forged between the two countries under the Duterte administration.

"The relationships of the Philippines and China has elevated to a new level since President Duterte was elected into office," he said.

Meanwhile, the CMG delegation—led by Huang Chuanfang who is a member of its editorial board—thanked the Philippine government for supporting their journalists when seeking requests for interviews, helping to give them deeper understanding on local issues.

"We saw our reports by our journalists in the Philippines from CCTV and CRI. From their reports, which are very newsworthy, [they] show us that they have a deeper understanding," he said.

The PCOO currently has multiple bilateral agreements with the Chinese government with regards to the media and communications sector such as personnel exchanges, workshops, seminars, information exchanges, rebroadcasts, joint production, and mutual visits.

Huang also looks forward to more exchanges in new media.

"Besides the news exchanges and the film cooperation, we expect to have more cooperation in the radio and new media," he said.

"We will promote the cooperation between the Philippine media and Chinese media. We are looking forward to working with you," Huang added.



Defense Undersecretary **Ricardo David** (left) lead the ceremonial wreath laying at the Manila American Cemetery and Memorial in Taguig City, in commemoration of Veterans Day on Monday November 11, 2019. also in photo Deputy Chief of Mission **John Law** (right) **( PNA Photo by Avito C. Dalan)**



Communications Secretary Martin M. Andanar with China Media Group editorial board member Huang Chuanfang after the latter's courtesy call on Thursday, November 7, 2019 at the Philippine Information Agency headquarters in Quezon City.

# Motor vs lite ace; 1 patay, 1 sugatan

**NASAWI** ang driver ng isang motorsiklo habang kritikal ang angkas nito nang makasalpukan ang kasalubong na Toyota Lite Ace sa Dasmarinas City, Cavite.

Nalagutan ng hininga sa mismong pinangyarihan ng insidente ang biktimang si Virgilio Felipe, Jr., ng Blk 10 Lot 19, Acura St., Greenpoint Homes, Mambog 4, Bacoor City habang ginagamot sa Pagamutan ng Dasmarinas City ang angkas nito na si Benjamin Roldan, 32, ng Blk 12 Lot 22, Greenpoint Homes Subd., Mambog 4, Bacoor.

Hawak naman na ng pulisya ang driver ng isang Toyota Lite Ace na si David Mambanon, Jr. , 45, ng Blk 24 Lot 17, Teacher's Village, Brgy. San Gabriel, GMA, Cavite.

Sa ulat ni PSSgt Roland Manaog, ng Dasmarinas City Police Station, dakong alas-5:00 ng umaga nang naganap ang insidente sa Molino-Paliparan Road, Brgy Salawag, Dasmarinas City kung saan kapwa binabagtas ng dalawang driver ang nasabing lugar.

Si Felipe ay minamaneho ang kanyang motorsiklo at angkas nito si Roldan patungo sa direksiyon ng Bacoor City galing sa Paliparan sakop ng Dasmarinas City.

Minamaneho naman ni Mambanon ang isang Toyota Lite Ace (PTT 151) habang binabagtas ang opposite direction nang pagsapit sa isang palikong bahagi ng kalsada nang magsalpukan ang dalawang sasakyan.

Sa lakas ng bangaan, tumalsik ang driver ng motorsiklo na nagresulta sa kanyang agarang kamatayan habang ang angkas nito ay nagtamo ng malalang sugat kaya isinugod ito sa ospital. **GENE ADSUARA**

# "PADIDILAAN KO SA INYO 'YAN"

**ITO ang mahigpit na banta ni Manila Mayor Isko Moreno sa sinumang mahuhuli at mapapatunayang nagbabandalismo sa lungsod.**

Ayon kay Moreno, lantarang pambabastos at pananabotahe ang ginagawang pagdudumi at pagsusulat ng ilang indibidwal sa mga pagmamay-ari ng pamahalaan.

Idinagdag pa nito na ginagawa ng city government ang lahat upang ayusin at linisin ang lungsod subalit may mga indibidwal na pasaway.

Agad namang umaksyon ang pamahalaang lokal ng Maynila para muling maayos ang ilang bahagi ng Lagusnilad underpass. **(leonard basilio)**

# P5.7-M shabu, nasabat sa 3 high-value target

**NAKUMPISKA** ng Manila Police District (MPD) ang P5.7 milyong halaga ng hinihinalang shabu mula sa 3 "high-value target" sa isang buy- bust operation sa Tondo, Maynila.

Kinilala ni MPD Director Brig. Gen. Bernabe Balba ang mga naarestong sina Anowar Mocamad, Tato Amiril, at Fatima Garcia.

Ayon kay Balba, mula pa sa Mindanao ang mga suspek na kilalang mga kilabot na tulak ng iligal na droga.

Dakong 5:00 ng umaga nang isagawa ng mga pulis ang buy-bust operation sa kanto ng Simeon De Jesus at Malaya Sts..

Nasa 850 gramo ang drogang nakuha sa mga suspek na matagal na umanong tinitiktikan ng pulisya at hinihinalang kasapi ng isang sindikato.

"Siguro dahil sila iyong mga kilala, trusted, sila ang pinagdadala ng droga kung saan man," ani Balba.

Responsable umano ang mga suspek sa pakikipagtransaksyon ng droga sa iba't ibang lugar sa Metro Manila kabilang ang Maynila.

Pinangalanan din ng mga suspek ang iba pang drug personality na iniimbestigahan na ng mga pulis.

Nasa kustodiya ng MPD ang 850 gramo ng shabu na P5.7 milyon, buy-bust money na P16,000 at tatlong cellphone.

Mahaharap sa paglabag sa Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002 ang tatlo. **(leonartd basilio)**

# Beki kinatay sa Port Area

Isang miyembro ng LGBT community ang natagpuang naliligo sa sarili nitong dugo na tadtad ng saksak sa isang madilim na lugar sa Port Area, Manila.

Ang biktima na nagtamo ng maraming saksak sa iba't ibang bahagi ng katawan ay kinilala lamang sa alyas na "Twinkle Bakla", nasa edad 30 hanggang 35 ; may taas na 5'8 hanggang 5'10 ; nakasuot ng itim na blouse at olive green short.

Blanko naman ang pulisya sa pagkakakilanlan ng salarin at ang motibo ng pagpatay.

Batay sa ulat na isinumite ni P/ Cpl.John Paul Rojo, kay P/Capt. Henry Navarro, hepe ng Manila Police District-Homicide Section, bandang ala-1:30 ng madaling araw nang madiskubreng nakahandusay ang biktima sa Blk. 1 Aplaya sa Baseco Compund Port Area.

Nakatanggap ng report ang tanod ng barangay na si Mark Angelo Gungob na may taong natagpuan sa naturang lugar na duguan at tadtad ng saksak sa iba't ibang bahagi ng katawan.

Sa pagresponde ng mga otoridad ay agad na isinugod sa Gat. Andres Bonifacio Medical Center ang biktima na kalauna'y binawian din ng buhay habang nilalapatan ng lunas dakong alas-2:20 ng madaling araw. **(leonard basilio)**

# Isko, 'naburyo'

Hindi naitago ni Manila Mayor Isko Moreno ang kanyang galit at pagkadismaya nang madatnan ang tambak ng mga basura sa kahabaan ng Ilaya St. sa Divisoria.

Nasopresa si Moreno nang makitang nakatiwangwang ang mga basura mula araw at gabi na pinabayaan ng mga manininda.

Dahil dito, hindi na papayagan ang mga vendors sa Ilaya St. (Binondo side) na makapagtinda at lalagyan na ng 24/7 na magbabantay upang matiyak na walang makakapuwesto.

Kinompronta ni Moreno ang mga vendors at ilang pulis na umano'y nagpabaya sa lugar lalo na nga't pinapayagan ang pagtitinda sa kondisyon na pananatilihing malinis ang kanilang mga lugar.

"Hindi ba kayo nahihiya dyan o talagang baboy din kayo sa bahay? Kailangan ko pa kayo sorpresahin. Pinaghahanapbuhay ko na nga kayo eh," ani Moreno.

Ayon kay Moreno, tinutulungan niya ang mga vendors mula sa kamay ng mga mapang-abusong indibiduwal subalit mismong ang mga ito ang ayaw makipagtulungan sa pamahalaan.

Nilinaw din ni Moreno na wala naman silang inalis o binalik na vendors simula ng kanyang panunungkulan. Inayos lamang nila ang hanay ng mga vendors upang may madaanan ang mga sasakyan at mamimili.

Pinayuhan din ni Moreno ang mga illegal organizers ng nakaraang administrasyon na ibalik ang pera ng mga vendors na kanilang pinangakuan na makapagtitinda lalo na ngayong Christmas season.

"Manigas kayo! Mga abusado kayo. Mapanlinlang! Ang kaya niyong linlangin, mga maliliit na tao. Matiyempuhan ko lang kayo. Iba na. Maniwala kayo sa akin. Talagang hindi pala kayo makuha sa diplomasya," ani Moreno. **(leonard basilio)**

**MAGKATUWANG** sina Manila **Mayor Fransisco ISKO Moreno Domagoso** at **Vice Mayor Honey Lacuna Pangan** sa pagpindot ng switch para sa pormal na simula ng pagpapailaw ng higateng Christmas Tree sa gilid ng Manila City Hall kasabay na din ang daan-daang parol na nakasabit. **CHRISTIAN HERAMIS**





(From L-R) DOH-CALABARZON Assistant Regional Director Dr. Paula Paz M. Sydiongco cuts the ceremonial ribbon together with Regional Coordinator for Health Facility Operation and Development for CHOs, RHUs, BHS and other Health Facilities Dr. Susana C. Castillo and Vice President of the Philippine Society of Pathologists Dr. Socorro C. Ynaez to mark the start of the "1st Regional Conference of Non-Hospital Based Clinical Laboratories in CALABARZON" with the theme "Confronting the Challenges in the Health System on the Road to Achieving Universal Health Care" held at the Development Academy of the Philippines, Tagaytay City, Cavite on November 12, 2019 and attended by 350 medical technologists from various parts of the region. **BOY NAMORA**

# 2 tulak na tirador pa ng motor, timbog

**NABUKING** ang mga hinihinalang mga nakaw na mga motorsiklo at mga spare parts matapos na naaresto ang dalawang kalalakihan sa isang buy bust operation sa Bacoor City, Cavite.

Nakakulong sa Bacoor City Custodial Center ang naarestong suspek na sina Emmanuel Molera, alias Emay, 27, ng Pintong Bato, Brgy San Nicolas 3 Bacoor City; at Ronrick Oguite, alias Nonet, 20, ng Brgy Bayanan, Bacoor City.

Sa ulat ni PMSgt Christian Rosales, ng Bacoor CPS, dakong alas-11:30 ng gabi nang nagsagawa ng buy bust operation ang mga miembro ng Station Drug Enforcement Team (SDET) at PDEA Cavite sa Pintong Bato Brgy San Nicolas 3 Bacoor City, kung saan target ang mga suspek at nagresulta sa kanilang pagkakaaresto.

Narekober sa kanila ang tinatayang 6 na gramo ng hinihinalang shabu na may street vale na P41,800 at 4 na motorsiklo na scooter Honda, Honda Click na nakarehistro sa isang Norberto Cruz Estrada Jr., Rusi na pawang mga walang plate number at motorsiklong BAJAJ na may plate number na NI5309 at mga spare parts ng motorsiklo at mga bisekleta.

Si Molera ay kilalang tulak sa kanilang barangay at kasama ang kanyang pangalan sa Stations Drug Watch list at kilalala ring magnanakaw ng mga motorsiklo.

Bukod sa kasong paglabag sa RA 9165 nakatakda ring sampahan pa ng kasong paglabag sa RA 10883 o New Anti-Carnapping Act opf 2016 habang hinihintay ang mga reklamo ng nagmamay-ari ng mga motorsiklo.

Ang mga nasabing nakaw na motorsiklo ay nasa kustodiya na ng Bacoor police. **GENE ADSUARA**

# Ang PH underwater hockey team para sa SEAG

**Ang underwater hockey ay gumagawa ng pasinaya sa ika-30 Timog Silangang Asya at ang koponan ng Pilipinas ay nagsusumikap na gumawa ng isang pag-agaw kapag dumating ang biennial meet sa aming mga baybayin. Si Dennis Valdes, pangulo ng Philippine Underwater Hockey Federation, ay nabanggit ang masipag at dedikasyon ng kanyang koponan at inaasahan na ang mga ito ay maisalin sa mga medalya.**

"Naniniwala ako na ang UWH Team ng Pilipinas ay mahusay na magagawa sa SEA Games. Personal kong inaasahan na makakuha ng apat na gintong medalya sa apat na mga kaganapan. Siyempre, hindi ito garantisado, ngunit ang aming mga atleta ay nagsasanay nang husto para sa hangaring ito, "sabi ni Valdes.

Kilala rin bilang Octopush, ang underwater hockey ay isang isport kung saan ang dalawang koponan ay nakikipagkumpitensya upang magmaneho ng isang puck sa ilalim ng isang swimming pool papunta sa layunin ng koponan sa pamamagitan ng pagsusumite ito ng isang hockey stick.

Apat na gintong medalya ang nakataya sa 4 × 4 at 6 × 6, at 4 × 4 at 6 × 6 na mga kategorya ng kumpetisyon na itinakda sa Disyembre 2 at 3 sa New Clark City sa Tarlac. "Sa simula ng aming paglalakbay sa SEAG noong Disyembre, sinabi ko sa mga prospective na atleta na gusto ko ng isang taon ng kanilang buhay.

Hindi ito naging isang pagmamalabis. Lahat ay nagsakripisyo ng napakalaking oras sa taong ito. Kailangang hilingin nila sa kanilang mga pamilya ang pag-unawa, ang kanilang mga boss sa trabaho para sa suporta, at pinaka-mahalaga, ang kanilang sariling para sa drive at kapasidad upang mapanatili ang pagsasanay para sa isang buong taon lamang sa simula ng SEAG, "pahayag ng opisyal ng UWH. . Upang mapalakas ang pagsasanay ng mga manlalaro ng hockey sa ilalim ng tubig, ipinadala sila ng federation sa Australian Underwater Hockey National Championships sa Cairns, Australia, kung saan nilalaro ng PH ang nangungunang atleta na si Christian Policarpio sa ilalim ng koponan ng New South Wales Men's Masters. "Para sa Mga Men's Team, mayroon kaming mataas na pag-asa para sa aming pasulong na Topz Policarpo. Para sa Women's Team, ito ang ating pasulong, Nadj Buenafe.

Inaasahan naming ang parehong makakakuha ng maraming mga layunin para sa Team Philippines, "dagdag ni Valdes.

Ang exposures ng mga koponan sa ibang bansa ay isinama sa kanilang patuloy na pagsasanay, na tinulungan ng mga coach ng Philippine Sports Commission na ibinigay.

"Tungkulin nating tiyakin na ang aming mga atleta, lalo na ang mga pagsasanay para sa pinakamalapit na kumpetisyon sa kalendaryo, na SEAG, ay makakuha ng maraming oras upang sanayin kapwa sa bahay at sa ibang bansa," sabi ni PSC Chairman William Ramirez. "Ang Philippine underwater hockey squad ay maaaring bago, ngunit ang mga miyembro nito ay nagpakita ng dedikasyon sa kanilang isport at umaasa kami sa kanila upang bigyan ang aming kapwa Pilipinas ng malaking bagay na magsaya," dagdag ni Ramirez.

# Isinagawa ng Philippine Olympics Committee o POC ang executive council meeting sa Conrad Hotel

Kinumpirma ng lupon ng POC ang labis na pag-aantalang gintong medalya ng TEAM PHILIPPINES sa ika-30 SEA GAMES na ginawa ng National Sports Associations o NSAS sa huling koordinasyon sa Century Park Hotel Malate, Maynila

Ang gintong medalya ng ginto na 37 sa 45 sa mga NSA na dumalo sa pulong ng koordinasyon ay 264 gintong medalya na hindi kasama ang anim na gintong medalya na nakataya sa E sports kung saan inaasahan na mangibabaw ang Pilipinas.

Masaya ang natutunan ni POC President Abraham Bambol Tolentino na malaman ang positibong pagtaas ng medalya ng mga NSA ngunit tinantya na ang Pilipinas ay maaaring makatotohanang magkakamit ng 159 gintong medalya sa ika-30 laro ng Biennial na halos kalahati ng projection ng medalya na ginawa ng NSAS sa koordinasyon ng pagpupulong.

Naniniwala ang pinuno ng POC na ang host ng Pilipinas ay maaaring makarating sa pinakamataas na tatlong pangkalahatang kabilang sa 11 mga bansa ng seagames na lumalahok. Si Tolentino at ang komite ng sport and rules Chairman ng PHISGOC bago siya nahalal na pangulo ng POC at naging instrumento sa pagpili ng 56 at 530 na mga kaganapan sa ika-30 SEA.

Napagkasunduan din ng lupon na gaganapin ang huling pangkalahatang pagpupulong para sa taon sa ika-17 ng Disyembre sa ganap na ika 10 ng umaga na susundan ng pagdiriwang ng Seagames at POC Christmas party at paggawad ng cash incentives sa mga PINOY ng gintong medalya sa 30th biennial games.

Magbibigay ang POC ng 300 libong piso sa mga atleta na nagwagi ng isang gintong medalya sa SEAGAMES, ang parehong halaga ng insentibo sa cash na ibinibigay ng pamahalaan ayon sa bawat batas sa insentibo act. Inihayag ng miyembro ng POC Board at president ng gymnastics na si Cynthia Carrion sa board ng POC na hindi pinahihintulutan si Carlos Caloy YULO na lumahok sa mga pambungad na aktibidad ng mga SEAGAMES sa Nobyembre 30.

Si YULO ay tinitingnan na magdala ng sulo upang gumanap sa pagdala sa sulo ng SEAGAMES ngunit sinabi ni Carrion na kailangang maghanda at magtutuon ng pansin ang kalalakihan ng artistikong palapag sa mundo sa darating na araw ng Disyembre 1.

Nakatakdang makipagkita si POC President Tolentino kay Chairman Ramirez, na siyang TEAM PHILIPPINE CDM, upang suriin ang pagkakaroon ng anim na mga atleta ng mga piling tao sa mundo ng PINOY na tinapik upang dalhin ang watawat ng Pilipinas sa pagbubukas ng SEAGAMES at suriin ang kani-kanilang iskedyul ng kumpetisyon.

Ang mga atleta na nakikipag kumpitensya sa Disyembre 1 o 2 ay pahihintulutan na lumahok sa isaalang-alang ang mga pambungad na aktibidad upang hindi makagambala o makaapekto sa kanilang paghahanda para sa kumpetisyon.

Ang SEAGAMES Delegation Registration Meeting o DRM kung saan ang lahat ng mga bansa ay pumapasok sa kanilang pangwakas na listahan ng delegasyon ay nakatakda sa Nobyembre 12 - 19. Ang pulong ng federasyon ng SEAGAMES ay nasa Nobyembre 28 at 29

# Handa ang workforce ng Phisgoc para sa SEA Games

Ang Philippine Southeast Asian Games Organizing Committee (Phisgoc) ay ginanap ang isang rally upang maikilos ang lakas-paggawa ng darating na ika-30 na Timog Silangang Asya para sa isang matagumpay na paghost ng 11-nation sportsfest.

Hinikayat nina House Speaker at Phisgoc Chairman Alan Peter Cayetano ang 527 na mga miyembro ng workforce na ilalagay sa iba't ibang mga lugar sa Metro Manila, Southern Luzon, Subic at New Clark City sa Capas,

Tarlac na magsikap at magtagumpay sa kanilang pinakamahusay na pagsisikap para sa dula ng Mga Laro. Kung ano ang iyong itatanim, iyon ang aanihin. Masigasig kaming nagtatrabaho sa loob ng higit sa isang taon, itanim po natin sa larong SEA at sa mga darating na taon at dekada aanihin ng mga batang atleta sa susunod na henerasyon na ito, '' sabi ni Cayetano sa pagtitipon na ginanap sa Cayetano Sports Complex sa Taguig City.

Ang pambungad na seremonya ng SEA Games ay nakatakda sa Nobyembre 30 sa Philippine Arena sa Bocaue, Bulacan at tatakbo hanggang Disyembre 11. Ang pagsasara ng seremonya ay gaganapin sa New Clark City. Ang Mga Laro, gayunpaman, ay magsisimula nang mas maaga sa polo na naka-iskedyul na magsimula sa Nobyembre 22 habang ang mga lalaki, football, netball at floorball ay magsisimula sa Nobyembre 25.

Pinahahalagahan namin ang iyong trabaho. Ito (pep rally) ay upang ipagdiwang ka. Lahat tayo ay bahagi ng kasaysayan, '' sabi ni Phisgoc Chief Operating Officer Ramon Suzara. Sa kanyang talumpati, ipinahayag din ni Cayetano ang kanyang pagpapahalaga sa mga kalalakihan at kababaihan sa likuran ng samahan ng Phisgoc at malumanay na nagawa sa kanila sa pagdiriwang.

Ang 30th SEA Games hosting ay suportado rin ng: Mga sponsor ng Platinum - Ajinomoto, Philippine Amusement and Gaming Corporation, MG Kotse, Philippine Airlines, Skyworth at CooCaa. Mga gintong Sponsor - MasterCard, Milo, Pocari Sweat, NLEX, PInco at Razer. Ginustong - Asics, SM Lifestyle Inc. at BMW. Prestige - Molten at Mikasa. Mga Kasosyo sa Pagbabangko - Chinabank at PNB. Mga Kasosyo sa Media - Bombo Radyo, Star FM at ang Inquirer Group, CNN, United Neon at DOOH. Host Broadcaster - NEP. Opisyal na Broadcaster - Palakasan at Aksyon, TV 5, Cignal, ESPN at PTV 4.



**TOPS GUEST.** SI Philippine Underwater Hockey Federation President Dennis Valdez sa kanyang mga pahayag kaugnay ng nalalapit na biennial event 30th SEAGAMES sa bansa kung saan handang handa na ang kanyang team upang sagupain ang mga makakatunggaling mga dayuhan ng maging panauhin ito sa ika-48 na TOPS Usapang sports sa National Press Club, Intramuros Manila. **(RGN)**

# HANEP SPORTS

Sports Editor: RGN

Email Add: hanepsports2017@gmail.com



**PBA AKSYON.** STOP ME IF YOU CAN – Matinding basket ang pinakawalan sa tagpong ito ni Northport import Michael Qualls habang hindi naman nito ininda ang mahigpit na depensa ng katunggaling si Manny Harris ng NLEX sa ilang bahagi ng kanilang tagpo sa 2019 PBA Governors Cup sa Araneta Coliseum **(RGN)**



**UAAP AKSYON.** NAPILITAN magpasa ng bola si Matt Nieto ng Ateneo makarang nagtulong sa mahigpit na depensa ang Adamson player sa kanilang aksyon sa UAAP Season 82 sa Araneta Colsium. Samantala maghaharap ang blue eagles at tigers para naman sa finals nito. **(RGN)**



ANG mga opisyal ng 30TH SEA GAMES at mga head ng sports NSA sa pangunguna ni PSC Chairman CDM William Ramires kasama sina POC President Abraham "Bambol" Tolentino, PHILSGOC Chairperson Allan Peter Cayetano at ang tatlong PSC Commissioner kaugnay ng ginanap na Team Philippine Send Off sa Rizal Memorial Baseball Field.

# OUR LADY OF THE PILLAR MEDICAL CENTER SA IMUS CITY, PAIIMBESTIGAHAN NI MAYOR MALIKSI?

**NAKAHANDA si Imus City Mayor Emmanuel Maliksi na mag-utos para sa pagsasagawa ng kaukulang imbestigasyon laban sa Our Lady of the Pillar Medical Center.**

Ito ang naging tugon ng alkalde matapos siyang kapanayamin ng mga mamamahayag kamakailan.

Batay ito sa idinulog na sumbong ng isang ginang hinggil sa umano'y naganap na 'illegal detention' ng naturang pagamutan sa isang pasyente nito.

Binanggit ni Rebecca Velasquez, publisher ng pahayagang Pulso ng Makabagong Caviteno, kay Mayor Maliksi na ang kanyang mister na si Diosdado ay na-admit sa Our Lady of the Pillar noong Oktubre 29.

Dapat ay release na ang pasyente ng Nobyembre 4 subalit dahil kulang ang bayad sa hospital bill ay pinigil umano ng ospital at umabot hanggang Nobyembre 7 pa bago ito nakalabas matapos makumpleto ni Gng. Velasquez ang kaukulang kabayaran.

Ayon sa ginang, humiling siya ng konsiderasyon sa ospital sa pamamagitan ng pag-iisyu ng postdated cheque, paggawa ng promissory note at pagbibigay ng guarantee letter mula sa Mayor's office subalit hindi umano sumang-ayon ang ospital.

Hindi rin umano siya pinakinggan nang ilahad niya ang anunsuyo o patakaran ng Department of Health tungkol sa Republic Act No. 9439 na nagsasaad ng mahigpit na pagbabawal sa pagpipigil o detention sa pasyente ng hospitals o medical clinics bunga ng hindi pagbabayad ng hospital bills o medical expenses.

Gayunman ay nabanggit naman ni Gng. Velasquez na pinakikilos o pinalalakad siya ng naturang ospital sa Philippine Charity Sweepstake Office o Department of Social Welfare and Development para sa financial assistant.

"Wala akong hangad na sirain ang reputasyon ng Our Lady of the Pillar, para saan ba ang Republic Act No. 9439? Ano ang silbi at kapakanang makukuha rito ng mga kagaya naming mahihirap?,' pahayag ni Gng. Velasquez kay Mayor Maliksi.

Nilinaw naman ng alkalde na papaimbestigahan nito ang nasabing ospital sa sandaling maisumite ng ginang ang formal complaint sa office of the mayor.

Ipinaliwanag ni Mayor Maliksi na kung magsasagawa ng imbestigasyon ay kailangang matukoy kung may nagawang paglabag sa protocol ang Our Lady of the Pillar.

"Since private hospital po ang Our Lady of the Pillar, may sinusunod silang protocol mula sa Department of Health at iyon ang kailangang ma-establish sa investigation kung nagkaroon ito ng paglabag," paliwanag pa ng alkalde.

Sinusulat ito ay nakikipagugnayan si Gng. Velasquez sa kanyang legal counsel para sa formal complaint na ihahain nito sa tanggapan ng alkalde.

Nabatid na nakahanda rin ang ginang na isumite ang formal complaint sa Department of Health sa pamamagitan ni Dr. Eduardo Janairo bilang regional director ng DOH-CALABARZON.

Sinikap kunin ng sumulat nito ang panig ng ospital subalit hindi nagkaroon ng pagkakataon gayunman ay nakalaan ang espasyo kung magbibigay ng sagot o pahayag ang Our Lady of the Pillar. **RS**

## Alternate 4-day workweek for gov't, private sectors mulled

**MANILA** -- Cavite Rep. Elpidio Barzaga Jr. on Thursday offered an alternative scheme to the proposed four-day workweek for government and private sector employees, which he said could be considered by Malacañang to ease the traffic problem in the country.

In his proposal, Barzaga said government employees will work from Mondays to Thursdays, starting from 7 a.m. to 6 p.m., with an hour break time from noon to 1 p.m.

Meanwhile, for private employees, he suggested that they work on a Tuesday-to-Friday schedule -- starting also from 7 a.m. to 6 p.m. and with one-hour break time.

"This means office hours will run from 7 a.m. to 12 noon and 1 p.m. to 6 p.m., or a total of 10 hours a day for four days, thus meeting the required 40 hours of work per week among employees," Barzaga said.

"On Mondays, no employees from the private sectors and on Fridays no government employees will come to work. Under this scheme, the traffic volume on Mondays and Fridays will be minimized since there will be less employees coming to work on these days," he said.

The lawmaker said while employees will have to wake up and travel earlier than usual under his proposal, the rush hour would be eased due to the early time of work. The same is true with employees going home later at 6 p.m.

"Moreover, this work scheme will not only minimize the heavy traffic but will also result in gas and fuel savings among the motorists. Employees will also save a lot in terms of transportation expenses, food and clothing," Barzaga said.

On top of these all, Barzaga pointed out that the well-being of the employees will be cared for.

He said studies have shown that a compressed workweek is highly correlated with productivity -- with employees working in the said scheme showing improvements in job satisfaction, teamwork, work/life balance, and company loyalty.

"Employees also experienced less stress and higher levels of happiness. The 4-day work plan will give employees a 3-day rest, giving them more quality time with their families and friends, and affording them a moment to pursue other creative pursuits," he said.

"Indeed, it is about time to enforce a doable solution to traffic which can work both ways - easing the traffic and promoting the well-being of employees," Barzaga said.

Barzaga reiterated that the four-day work scheme can only reduce to a certain extent the traffic but will not totally eradicate it. **(PNA)**




**Negosyo Caravan ni Carmona Mayor Roy Loyola: "Negosyanteng Pinoy, Proud Kami Sa'yo!"**

## CAPACITATING BARANGAY TANOD ON ROAD SAFETY AND TRAFFIC MANAGEMENT

The provincial government of Cavite under the leadership of Governor Jonvic Remulla remains persistent in capacitating Barangay Tanods by providing seminars and lectures to enhance their skills on basic traffic management.

On November 13, 2019, ninety-seven barangays of Imus City sent their tanods to the seminar held at Imus Sports Complex. Third District Representative Alex "AA" Advincula, together with Board Members Jeffrey Asistio and Dennis Lacson showed appreciation to the provincial government through Road Safety Division head Mr. Rolando Alvaran for educating their barangay tanod on road traffic apprehensions, legitimate manners in accommodating traffic disruptions, compliant behaviors on handling obstruction on normal traffic flow and other matters pertaining to traffic management.

One thousand nine hundred forty barangay tanod received complete traffic gears including vest, boots and gloves.

They were also given packs of rice. **(PICAD)**

## ADVOCACY CAMPAIGN FOR CYBER SAFETY

Cavite Provincial Social Welfare and Development Office (PSWDO) thru the Provincial Council for the Protection of Children (PCPC) conducted an Orientation on Anti-Child Pornography Act at Lalaan Central Elementary School in the municipality of Silang on November 12, 2019.

In partnership with the Inter-Agency Council Against Trafficking (IACAT) IV-A and the Department of Education (DepEd), more than 100 students with their teachers from elementary and high school participated the event.

With the theme "Cyber Safety is my Responsibility", the orientation aims to provide knowledge on the safe use of internet and safeguard the young against child pornography and online sexual exploitation. The program which was initiated last year focus on the advocacy campaign on the protection rights of children.

Series of orientations this year will be conducted in the cities of General Trias and Bacoor and the municipalities of Amadeo, Alfonso (Public and Private) and Magallanes with 100 target participants each.

Discussion on RA 9775 or the Anti Child Pornography Act was facilitated by Ms. Brendalyn Salazar, Social Welfare Officer IV and Ms. Rhea Cainday Mendoza, SWO I of PSWDO.

Aside from the knowledge gained, students enjoyed the child-friendly short clips and film as well as the prizes in the question and answer portion.

Organizers and advocates hope that the participants will roll out and share their learnings to other children in their school and community. **PICAD**

## PGC'S CONTINUOUS HEALTH ASSISTANCE TO TRECEÑOS

The Provincial Government of Cavite continues in giving health assistance to Treceños with the conduct of a series of medical and dental missions through the initiative of OPG-Extension and the Provincial Health Office.

More than 600 indigent residents of Barangay Cabuco availed free adult/pediatric consultation and tooth extraction during the health outreach event sponsored by the provincial government on November 13, 2019.

Trece Martires City Mayor Gemma Lubigan together with the Sangguniang Panglungsod members were present and were able to communicate with their constituents to know their immediate health needs.

The successful medical event was made possible with the help of some volunteers comprised of Inocencio Paramedics and Rescue Volunteers, Barangay Health Workers and Nutrition Scholars, officers of Southville Subdivision Homeowners Association, TMC Police Personnel – PSMS Manuel Docena and PSMG Junvi Melchor and members of the TMC Masonic Lodge No.350 headed by Worshipful Master Sunny L. Sepacio who also sponsored the food for the feeding program. **PICAD**

# SHARE A TOY AT THE SM STORE

**The SM Store's Share Movement recently brought the magic of Christmas to the children of the Looc Elementary School as it launched this year's Share a Toy project.**

Away from the bustling city lights, Looc Elementary School lies in the heart of Nasugbu Batangas where it is the second home to hundreds of little children. Every day, these kids go to school and attend their basic education classes. On break times, they spend their time running around the vast school grounds while overlooking the unobstructed scenic view of the nearby mountains. Some also play hide and seek while others happily take turns and play around their little school slide; nothing fancy, it's a life anchored in genuine simplicity.

But on this special day, there was more fun, laughter and excitement as employee volunteers from The SM Store Lipa and The SM Store Batangas played Santa and transformed the school grounds into a big function- just like a real children's party. They distributed adorable and cuddly plush toys, clothes and grocery items to the little children of this humble community.

Aside from the toys that the children received, they also experienced the magical and festive spirit of Christmas as they were treated to a day of fun activities such as: face painting, interactive games, magic and puppet shows as well as bubble shows. On the sidelines, there were also hotdog stands and ice cream booths were children enjoyed some delightful treats.

Mikko, one of the grade school students of Looc Elementary School, shared how much he enjoyed the activities and his new stuffed toy. According to him, such treat happens rarely in their school community.

"Masaya po ako sa natanggap ko na regalo. Masaya at maganda din ang program kanina, nagpa face paint pa nga po ako. Minsan lang po kasi may ganito dito sa amin." Mikko said.

Meanwhile, Luciana Tulagan, Principal of Looc Elementary, also expressed her joy and gratitude for the fun filled day and the value of sharing and gift giving that The SM Store was able to embody through this activity.

"Malaki pong kaligayahan ang naibigay ng SM dito sa mga mag-aaral ng Looc Elementary School. Dahil sa Share A Toy ng The SM Store, maimumulat namin sa mga bata na dapat hindi lang tuwing Pasko ang pagbibigayan, kundi lagi. " Tulagan said.

Christmas is indeed the most wonderful time of the year with all the bright and sparkly city lights and high ceiling Christmas trees enveloped with enchanting decors. It's also the best time of the year to spread the joy through gift giving and sharing.

Here at The SM Store, celebrate this joyous season with a generous heart by donating new or pre-loved toys at the Share A Toy booth located in all The SM Store branches nationwide starting on November 15, 2019 to December 31, 2019. For every donation made, shoppers will get a Php 50 discount coupon. Toys collected will be donated to selected SM Foundation beneficiaries.

Share A Toy under the SM Share Movement campaign is one of the ways that The SM Store creates a culture of sharing and purposeful giving together with its customers. Early this year, The SM Store also conducted its Share Shoes and Donate A Book campaigns which gained overwhelming support from its shoppers.

For more updates about the SM Share Movement and ways on how you could donate, visit www.thesmstore.com and follow its social media pages @thesmstore on Facebook, Instagram and Twitter.



Employee volunteers played Santa and distributed colorful push toys to the little children of Looc Elementary School.



Just pure smiles and happy thoughts as these little girls show off their colorful butterfly plush toys.



The SM Store recently launched its Share a Toy campaign with a fun filled day at Looc Elementary School where kids received new stuffed toys as their early Christmas gifts. Shown in the photo are Looc Elementary School Principal Luciana Tulagan, The SM Store Lipa Assistant Branch Manager Shelamie Marasigan and The SM Store Batangas Customer Service Manager Annalyn Macatangay together with the grade school students of Looc Elementary School.

# HAVE FUN AT SM CITY MOLINO'S CHRISTMAS PLAYCAFE!

To give it's shopper a wonderful Sparkling Malliday experience, SM City Molino lit up its much awaited Christmas Centerpiece, Christmas Playcafe. Present during the launch is Bacoor City Mayor Lani Mercado-Revilla who gave a heartfelt Christmas message to her fellow Bacooreños, actress Isabel Oli Prats with her cute daughter Feather Prats, and SM Assistant Vice President Lorenzo Calingasan IV. SM Supermalls also showcased its cute and cuddly collection of this year's SM Bears of Joy during the event.



**SM** Assistant Vice President **Lorenzo Calingasan IV** with Bacoor City Mayor **Lani Mercado-Revilla,Isabel Oli-Prats** and her daughter Feather, Bacoor City Councilor **Alde Pagulayan** and Host for the evening, **Ian Pangilinan.**



**Isabel Oli Prats** and her cute daughter **Feather,** with SM City Molino's Assistant Mall Manager **Gracelle B. Dulay** and the characters of the Christmas Playcafe

SM City Molino's Assistant Mall Manager **Gracelle B. Dulay**, Mother and Daughter celebrities **Isabel Oli Prats and Feather,** Bacoor City Mayor **Lani Mercado-Revilla**, SM Assistant Vice President **Lorenzo Calingasan IV**, SM City Molino's Mall Manager **Joseph V. Forrosuelo** and Bacoor City Councilor **Alde Pagulayan**



# KRISTINE HERMOSA, DUMAYO SA SM CITY DASMARIÑAS









## HANEP SHOWBIZ

**DUMAYO si Kristine Hermosa-Sotto sa SM City Dasmariñas sa Cavite nitong nakaraang Nobyembre 8.**

**Ito ay dahil pinaunlakan ng aktres ang imbitasyon sa kanya ng pamunuan ng SM malls.**

Kabilang si Kristine sa sumaksi sa makulay na pagbubukas ng Winter Wonderlake Christmas centerpiece ng SM City Dasmariñas.

Nagbigay ng kasiyahan sa mga dumalo sa okasyon ang aktres kasama ang kanyang mga anak na sina Ondrea at Kaleb.

Nagningning ang isinagawang programa sa pamamagitan na rin Bea Fabregas, na tumayo bilang emcee.

## IISA... IKAW AT AKO

Sa panulat ni Kuya Arman

### (Ika-35 labas)

**AYOS** na at nalaman na ni Bernie kung bakit napaaga sa pag-uwi si Cecile.

"Ubusin mo 'yang gatas mo at sayang 'pag nagtira ka pa. Saka para kumpleto ang makukuhang bitamina."

Si Bernie ay naghapunan pero mas nauna pa siyang makatapos kumain habang si Cecile ay inuubos pa lamang ang hot milk.

Para namang bata si Cecile na inutusan ng matanda at sinimot ang gatas.

Gigil na si Bernie na malaman kay Cecile kung ano ang ibig sabihin na napapansin siya nitong mga nakaraang araw na palaging masaya.

"Alam mo ba na nitong mga nakaraang araw ay napapabilib ang mga professor ko sa akin."

Sa kuwarto habang minamasahe ni Bernie si Cecile ay sinisimulan na niya ang pagkukuwento.

"Talaga? Wow naman, eh bakit naman? Anong dahilan at bumibilib sa iyo?"

Mas pinagbubuti ni Bernie ang pagmamasahe sa halip na sagutin ang tinatanong sa kanya.

"Bibo raw ako sa klase at palaging nakikilahok sa recitation."

"Isa pa sa bawat sagot ko sa mga tanong ay palaging tama at maayos daw akong magpaliwanag."

Hindi rin nakatiis si Bernie at pagkaraan ay sinagot na rin si Cecile.

Alam kasi ni Bernie na kukulitin siya at kung hindi sasagot ay magagalit si Cecile sa kanya.

Iyon ang ayaw mangyari ni Bernie kaya naman lahat ng pagkukunwari ay kanyang ginagawa.

"Mainam naman at maganda pala ang feed back sa iyong pag-aaral."

"Basta aral lamang ha at 'wag hahaluan ng kung anu-anong kalokohan."

Medyo kinabahan si Bernie sa pagsasalitang iyon sa kanya ni Cecile.

"Kaya naman pala eh!"

**(Sundan)**

## "TANIM SA TIYAN"

NOBELA NI ATE JOSIE

### (25)

**PAGKARAAN** ng isang linggo mahigit ay biglang nabuhay ang dugo ng magkaibigan.

Pumapayag na ang tiyahin ni Alex na makalabas ang dalawa at makasama sa mga lakad-lakad ng kanilang mga bagong kaibigan.

Ang dahilan ay nagsipunta sa Kamaynilaan ang ilang kamag-anak ng napatay.

Sila iyong nabalitaan ng tiyahin ni Alex na sana ay maghihiganti para sa napatay nilang kaanak.

"Sige na at sumama na kayo sa kanila pero ingat-ingat din at palaging alisto."

Habang kinakausap ng tiyahin ni Alex ay narinig nila ang boses ng kanilang mga bagong barkada.

Niyayaya sila para makapamasyal kaya nagpaalam ang dalawa.

Pumayag naman ang tiyahin ni Alex pero binilinan silang mag-ingat pa rin at uuwi bago dumilim.

"Magsaya na lang tayo, matagal-tagal din tayong 'di nakalibut-libot at nagkasama-sama."

Ang buong tropa ay nagkayayaan na magkainuman sa bahay ng isa sa mga ito.

Hindi naiiwasang napapasok sa kuwentuhan ang nangyari dati sa baylehan.

Pero mas nakakalamang sa grupo na pinipiling hindi na dapat pang pag-usapan pa ang insidenteng iyon.

Sa umpukang iyon umusbong ang relasyong Allan at Rona bunga na rin ng sulsulan ng tropa.

"Talaga , kayong dalawa na ah! Ayos 'yan kaya dapat palang mag-celebrate tayo."

Umiral kasi ang pagiging chick boy ni Allan at hindi pumayag na walang isasagot sa kanya si Rona nang mga sandaling iyon.

Nais kasi ni Rona na bigyan pa siya ng mga ilang araw bago magpasya subalit mas nanaig ang pagpilit ni Allan.

"Kayo na pala eh, isang kiss naman diyan oh. Dapat magkatabi na kayo."

Likas talagang mapang-asar at mahilig mambuyo si Alex kaya walang nagawa sina Rona at Allan kundi ang magdikit na sa pagkakaupo.

Hindi rin pumayag si Alex na walang kiss na mangyayari kaya sumunod na rin ang dalawa lalo at lahat ay nambubuyo na.

**(Itutuloy)**

# SO MAGICAL AT THE SM STORE

**It's Christmas at SM! And The SM Store is all about festivity, love, and celebration as it spreads cheer in the season's merrymaking.**

'Tis the season for all things magical, from fun, frou-frou fashion (if you can't at Christmas, then when can you?) to bewitching beauty looks, glorious gifting ideas, and all things entertaining. And it's time to get your party and your shopping list started with a little help from The SM Store.

As the go-to destination for everything you need for the holidays, The SM Store brings in an extra magical shopping experience: a wide merchandise selection, cool window displays, and festive decorations.

Celebrate in style with elegant pieces from The SM Store: asymmetrical tops, ruffled detailed pieces; prints on prints in florals and stripes, and checkered and plaid patterns.

And there's more! Check out The SM Stores's holiday catalog filled with the best Christmas ideas plus a naughty or nice checklist for the kids. Don't forget the voucher next time you're in the store to get the special discount.

Visit The SM Store today and share the joy with us on social media using **#ItsChristmasAtSM.**



**1.**Razzle and dazzle this Christmas with the latest holiday collection available at The SM Store like this asymmetrical ruffled top. #ItsChristmasatSM



**2.**Check-in the fun with pieces perfect for office holiday parties, all available at The SM Store.



**3.**Channel your inner disco diva with these playful plaid co-ords available at The SM Store. #ItsChristmasatSM



**4.** Let's party! Christmas is for a merry good time and for everyone . Liam wears a long-sleeve dress shirt and a checkered pants, Inez wears asymmetrical dress with bow and Jericho in a long- sleeve polo and chino pants.



**5.**Take a pause from the dance floor and pose for the camera. Shop this look at The SM Store- a long-sleeved Floral Dress, Yadid Boots and Sling Bag with Gold Studs.



**6.**Deck the halls with balloons and disco balls! Play up in stripes this sweater weather season #ItsChristmasatSM



**7.** Bag the Christmas party best-dressed award with this print-on-print number from The SM Store with floral prints and stripes ready to party



**8.** ♬Two turnt-up tots; and a non-stop Christmas party! ♬ They're ready to dance in a red ruffle-sleeved eyelet dress and glittered pumps for her and a short sleeved button down polo and woven pants for him.



**9.** Nothing gets the kids more excited than unwrapping the goodies under the tree. They're dressed in holiday style – in a shimmery halter top and tulle skirt with glittered embroidery for her and a bomber jacket and pants on him.

# BINATILYO ARESTADO SA NAKAW, KASAMA NAKATAKAS

**ARESTADO ang isang binatilyo habang pinaghahanap ang kasama nito na may hawak ng tinatayang P15,000 cash na kanilang ninakaw sa loob ng isang tindahan sa Dasmarinas City, Cavite.**

Nasa kustodiya na ng City Social Welfare Development (CSWD) ang suspek na si alias "Junjun", 15, ng, Brgy San Agustin 2, Dasmarinas City, habang pinaghahanap ng pulisya ang partner nito na si Aljohn Iso, 18, ng Monreza compound, San Agustin 2, Dasmarinas City, dahil sa reklamo ni Jennie Villapando, 38, may-asawa, ng F. Tirona St., Mendez compound, Brgy Zone 4, Dasmarinas City.

Sa ulat ni PMSgt Rolando Figueroa, ng Dasmarinas City Police Station, dakong alas-2:30 ng madaling araw nang naalimpungatan sa pagkakatulog ang biktima dahil sa ingay ng kanyang mga aso.

Bumangon ito at sinilip ang pinanggagalingan ng pagtahol ng mga aso at nakita si alias Junjun na may hamak na mga paninda na nanggaling sa kanyang tindahan.

Tinangka niyang sitahin si alias Junjun subalit tinutukan siya ng patalim at nakita rin nito ang isa pang kasama (Iso) na nagsilbing look-out at may inabot rito ang binatilyo.

Humingi ng tulong ang biktima sa mga barangay anod na nagresulta ng pagkakaaresto kay alias Junjun kung saan narekober sa kanya ang mahigit P1,500 halaga ng mga paninda habang ang kasama nito ay nakatakas.

Nang imbentaryuhin ang tinangay ng mga suspek, nalaman na bukod sa mga paninda ay tinangay din nila ang P15,000 cash na kita ng tindahan.

Nalaman din na nakapasok ang mga suspek sa tindahan ng biktima sa pamagitan ng pagsira ng padlock ng pintuan. **GENE ADSUARA**



**NALAMBAT** ng mga tauhan ng Paranaque City Police-SDEU sa isinagawang buy bust operation sa pangunguna ng kanilang hepe si P/ Major Anthony Alising, ang suspek na si Alfredo Antonio del Rosario Pineda at nakumpiska sa kanya ang 4 na pirasong sachet ng marijuana at 14 na pirasong white powder na hinihinalang cocaine at 3 pirasong sachet na ecstacy. Kasama ring nadakip ang dalawa pang suspek na parakyano na nakuhaan ng isang sachet na shabu at marijuana na naganap sa loob ng bahay sa Concha Cruz, Brgy B.F. Homes sa lungsod ng Paranaque. **(JIMMY HAO)**

# Korean education delegates visit Cavite province

**PROVINCE OF CAVITE (PIA) –** The delegates of the Jeollabukdo Office of Education Korea led by Senior Supervisor Yun-Rok Lee with Jin-Ho Choi, Hee-Jeong Kim, Sang-Ho Song, Hye-Lim Jeon and Dong-Gyun Han were warmly received by representatives of the Provincial Government of Cavite through the Provincial Information and Communications Technology Office and the Department of Education-Cavite during their recent visit to the province.

In her welcome message, Schools Division Superintendent Ms. Cherrylou D. Repia said, "We are sincerely grateful to the continued support of the Jeollabukdo Office of Education for sustaining the partnership with the provincial government and DepEd-Cavite regarding information and communications technology trainings for teachers."

The delegates visited the school-recipients of computers from Jeollabukdo Office of Education namely: Cavite Computer Center-Tanza Satellite Office, Flaviana Arayata Elementary School, Emilia Ambalada Poblete National High School in Silang and Gov. Ferrer Memorial National High School-Biclatan Annex in the City Gen. Trias.

During the farewell dinner, in honor of the delegates, the 2018 and 2019 ICT trainees expressed their gratitude for the learning opportunity they obtained in the ICT training in Korea through the partnership.

On the other hand, the Korean delegates assured the trainees that they will take into consideration the suggestions and recommendations raised by some trainees.

Since the partnership started in 2005, about 331 public elementary and secondary school teachers including some provincial government employees were beneficiaries of ICT training while bbout 2,000 computer sets were donated and distributed to 160 public elementary and secondary schools in the province. **(Ruel Francisco, PIA-Cavite/ with reports from PICAD)**




## BANDERANG TAPOS!

Bumanderang tapos ang kabayong si Great Wall na sinakyan ng hineteng si Dunoy Raquel Jr. sa pambungad na takbuhan sa karerahan ng Santa Ana Park Naic, Cavite na sa halos buong distansiyang ng 1,600 meters ay nakapirmis para tumapos ng hugando at nakapagtala pa ng tiyempong 1:39.2 (26'-25'-23'-24) na marami pang ibubuga. Pumangalawa sa kanya ang sakay ni apprentice rider Paul Albert Refe na si Hiway One at pangatlo ang diremateng si Exhilarated ni Oneal Cortez. Sa sumunod na takbuhan ay nakabanderang tapos din ang dehadong si Tool Of Choice ni Rod Adona na kamuntik pang mametahan nung paborito sa lahat na si Fort McKinley ni Jerico Serrano kung hindi lamang sila napadpad ng malaki sa huling kurbada.

Tumersera ang dehado rin na si Speak Easy ni Mark Alvarez. Nakatagpo na rin ng grupo ang kabayong si Minotaur na ginabayan ni Francis Tuazon matapos ang ilang beses na pagtakbo sa karerahan ng San Lazaro na kung saan ay tila hirap siya, kaya tandaan na mas lamang siyang manakbo sa Santa Ana Park na kanila talagang teritoryo.

Sa karerang iyan ay nakita natin ang tila napaaga lang ng bitaw na si Mika's Jewel na nirendahan ni Mark Lanot.

Sa sumunod na takbuhan ay nakabuo ng ayre ang liyamado sa lahat na si Smiling Lady na sinakyan ng hineteng si Jeff Zarate, dahil sa walang naging pressure sa unahan, pero kung sakaling may naghangad na bumulabog sa kanila sa harapan ay malamang na nakadehado ang kabayong si Sangat Island na sakay ni Sadam Pilapil. Samantala nakalusot naman ang hineteng si Mark Lanot sa kanyang sakay na si Bullet Fever matapos na nakaswak sa may tabing balya habang papaliko sa huling kurbadahan, kaya kahit ano pang lakas ng pagkayog nung sakay na sumegunda sa kanila na si Jesse Guce sa kabayong si June Eleven ay hindi na nagawa pang makalagpas.



**PINANGUNAHAN ni SENATOR CYNTHIA VILLAR** kasama sina Las Pinas Rep. Camille Villar ,Trade and Industry Sec. Ramon Lopez , Pasay City Mayor Imelda Calixto Rubiano, Department of Public Works and Highways Sec. Mark Villar, former Senate President Manny Villar at iba pang mga opisyal ng lokal ang dumalo ang pagbubukas ng 9th OFW and Family Summit na ginanap sa World Trade Center sa Pasay City noong Nov.12, 2019. **(JIMMY HAO)**

# EXPERIENCE THE MAGIC AT SM CITY BACOOR'S ENCHANTED CHRISTMAS

SM City Bacoor opened up its magical world this Christmas season through its event **Experience the Enchantment** as they lit up their Enchanted Forest of Lights. Present in the event is Bacoor City Mayor Lani Mercado-Revilla, Kaye Sanchez-OIC for Rep. Strike Revilla, SM Assistant Vice President Lorenzo Calingasan IV, SM City Bacoor Mall Manager Josephine Arvesu, SM City Bacoor Assistant Mall Manager Ben Ali Tolentino, and SM Area Visual Display Manager Dindo Marcelo. Cute little kids in fairy costumes made the event more enchanted, while Reign Rich Paghasian, SM Little Star Finalist gave a very lively dance number with the characters in colorful costumes. Korean favorite Host Sam Oh hosted the event. Also present in the centerpiece launching is Star Magic Artist Rufino Herrera who greeted the shoppers a Merry Magical Christmas.



SM Assistant Vice President **Lorenzo Calingasan IV**, Bacoor City **Mayor Lani Mercado-Revilla**, Star Magic Artist **Rufino Herrera**, SM Little Star Finalist **Reign Rich Paghasian** with the fairies of the Enchanted Forest of Lights




**SM** Assistant Vice President **Lorenzo Calingasan IV**, Bacoor City Mayor **Lani Mercado-Revilla**, Star Magic Artist **Rufino Herrera** and SM City Bacoor Mall Manager **Josephine Arvesu** posing with Santa Claus at the Enchanted Forest of Lights



**SM** Area Visual Display Manager **Dindo Marcelo**, SM Assistant Vice President **Lorenzo Calingasan IV**, SM City Bacoor Mall Manager **Josephine Arvesu**, Bacoor City Mayor **Lani Mercado-Revilla** and **Kaye Sanchez**-OIC for Rep. Strike Revilla

# It's a very ARCTIC CHISTMAS @ SM CITY ROSARIO






## Paalala ng bagong PD ng CAVPPO sa kanyang mga pulis

**BAGO** na ang provincial director ng Cavite Provincial Police Office at ito ay sa katauhan ni Col. Marlon Santos.

Pinalitan ni Col. Santos si Col. William Segun, na nagsilbi bilang provincial director ng CAVPPO sa loob ng dalawang taon at dalawang buwan.

Nitong Nobyembre 11 isinagawa ang turnover ceremony na pinangunahan ni Police Region 4-A (CALABARZON) regional director, Brig. Gen. Vicente Danao, Jr. sa Camp Gen. Pantaleon Garcia sa Imus City.

Hinihiling ni kernel ang tulong at suporta ng komunidad, barangay, LGUs, religious sector at maging ng mga kabataan para sa pagpapanatili ng kaayusan at kapayapaan lalo na ang laban kontra illegal drugs.

Tungkol sa usapin sa droga ay heto ang bahagi ng talumpati niya,"Don't expect it to be less bloody."

Kayo na ang magbigay ng kahulugan ng pahayag niyang ito lalo na ang mga nahuhumaling o nasasangkot sa mga ipinagbabawal na gamot.

Tahasang ipinaalala ni Col. Santos sa kapulisan ng Cavite na dapat isaalang-alang ang malaking mawawala sa mga ito.

Ibig sabihin ni kernel ay dapat alalahanin ng Cavite police na hindi lamang ang mas pinalaking suweldo ang mawawala sa pulis kapag gumawa ng kalokohan o kailigalan bagkus ay higit na mahirap mawala ay ang dangal at pamilya.

Isa pa sa paalala ni Col. Santos sa lahat ng pulis sa Cavite ay ang pagbibigay ng serbisyo sa publiko na may kaakibat na ngiti.

Hindi naman nakalimot si Col. Santos na bigyang pugay si Col. Segun sa maayos at epektibong liderato kaya gagawin niya ang lahat maipagpatuloy ang magandang simulain ng kanyang pinalitang provincial director.

